



Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Region 5 (Bikol)

TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG CATANDUANES

3 Marso 2025

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 194, s. 2025

PAGGAMIT NG WIKANG FILIPINO SA ULONG-SULAT NG MGA OPISYAL NA KOMUNIKASYON AT KORESPONDENSIYA

Para sa: Kawaksing Tagapamanihala
Punong Tagamasid (CID at SGOD)
Tagamasid Pansangay
Tagamasid Pampurok
Prinsipal (Elementarya at Sekundarya)

1. Bilang pagtalima sa itinadhana ng 1987 Konstitusyon, Artikulo XIV, Seksiyon 6 na "ang wikang pambansa ng Pilipino ay Filipino" at habang nalilining ito, ito ay dapat pagyabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika ng Pilipinas, at iba pang wika, at ukol sa mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at hangga't walang itinatadhana ang batas, Ingles", ang Tanggapan ng Sangay ng Tagapamanihala ng mga Paaralan ng Catanduanes, bilang pagtalima sa batas na ito, ay magpapatupad ng paggamit ng bagong ulong-sulat na naka-Filipino.
2. Ang link ng bagong ulong-sulat ay ipamamahagi ng Yunit ng Teknolohiya Sa Impormasyon at Komunikasyon (Information and Communications Technology (ICT) sa lahat mga opisina at mga paaralan ng Sangay ng Catanduanes.
3. Hinihimok na rin ang pagsisimula ng mga sumusunod na gawain sa mga paaralan tulad ng:
 - a. Pagsasa-Filipino ng Citizen's Charter o Gabay ng Mamamayan;
 - b. Pagtatag ng lupon sa Wikang Filipino na mangangasiwa sa mga gawaing may kaugnayan sa mahusay na pagpapatupad ng mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335; at,
 - c. Pagdalo at paglahok sa mga webinar/seminar sa Korespondensiya Opisyal na iitinataguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino bilang Oryentasyon at pagsasanay sa mga nakaatas sa batas pangwika.
4. Para sa inyong katanungan, maaring makipag-ugnayan kay Ma. Gina M. Templonuevo, Tagamasid Pansangay sa Filipino sa pamamagitan ng email address na gina.templonuevo@deped.gov.ph.
5. Para sa malawakang pagpapatid at pagpapatupad ng Memorandum na ito.

CECILE C. FERRO CESO VI
Itinalagang Tagapamanihala

Tanggapan ng Tagapamanihala ng mga Paaralan

Sanggunian:
Gaya ng Nasasad

CID/GMT



San Roque, Virao, Catanduanes

052-8114063

catanduanes@deped.gov.ph

www.depedrovcatanduanes.com / www.catanduanes.deped.gov.ph